# Ang Pangkalahatan Mga Pamantayan sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho para sa Partkular na Supplier ng Ericsson

## Standard

2022-05-16

Mga Nilalaman


1 Panimula ..... 3

2 Mga Pamantayan sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho ng Supplier ..... 3

3 Mga Pamantayan sa Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson ..... 4

4 Partikular na Mga Pamantang OHS ng Ericsson ..... 4

5 Pagbabago sa impormasyon ..... 5



© Ericsson AB 2022

Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang impormasyon na nasa dokumentong ito ay pag-aari ng Ericsson at napapailalim sa pagbabago nang walang abiso. Walang inaaakong responsibilidad ang Ericsson para sa mga katumpakan ng o pagkakamali sa mga impormasyon.

# 1 Panimula

Nagsisikap ang Ericsson na lumikha ng mabuti sa kalusugan at ligtas na kapaligiran sa pagtratabaho para sa lahat, nang may kasamang malawakang hakbang sa kalusugan at kaligtasan.

Ang ligtas at malusog na kapaligiran sa pagtatrabaho para sa lahat ng empleyado sa iba't ibang panig ng munod ay isang paninindigan na lubos na pinagtutuonan ng Ericsson. Kasama sa paninindigang ito ng Ericsson ang mga supplier at empleyado nito.

Nag-isyu ang Ericsson ng Kodigo ng Pag-uugali sa lahat ng supplier na sumasaklaw sa mga kinakailangan sa bahagi ng karaniwang mga karapatang pantao, mga pamantayan sa pagtatrabaho at kalusugan at kaligtasan, pamamahala sa kapaligiran at paglaban sa korupsyon sa lugar ng trabaho. Inilalarwan ng dokumentong ito ang mga kinakailangang Occupational Health and Safety na ibinigay namin sa aming mga supplier. Susuriin ang performance ng OHS sa pamamagitan ng mga pag-audit at pagtatasa sa mga supplier.

Upang ma-access online ang Kodigo ng Pag-uugali ng Ericsson at mga kinakailangang OHS ng Supplier, pumunta sa:

http://www.ericsson.com/responsible-sourcing

# 2 Mga Pamantayan sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho ng Supplier

Iniaatas ng Ericsson na magkaroon ang aming mga supplier ng Sistema sa Pamamahala sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho (OHS) na kinapapalooban ng mga sumusunod:

**OHS na Patakaran:** Dapat magkaroon ng OHS na Patakaran ang Supplier. Dapat ang patakaran ay dapat naaangkop sa kalikasan at proposyon ng mga panganib ng OHS ng supplier at dapat magsama ng pangako sa pag-iws sa pinsala at pagkakasakit at sa patuloy na pagpapahusay.

**Pagtatasa sa Panganib:** Dapat tukuyin at idokumento ng Supplier ang mga panganib ng OHS nito at alamin ang nauugnay na mga kontrol.

**Pagpapahusay na Programa:** Dapat magkaroon ang Supplier ng programang pagpapahusay sa OHS, kasama na ang mga layunin at mga plano ng pag-aksyon.

**Batas:** Dapat tumupad ang Supplier sa naanagkop na batas at mga regulasyon ng OHS.

Kapag may salungatan sa pagitan ng lokal na batas o mga regulasyon ng OHS at ng mga pamantayan ng Ericsson Global OHS at mga kinakailangan sa Supplier ayon sa dokumentong ito, ang mas mahigpit ay dapat ipatupad (maliban kung hindi pinapayagan sa ilalim ng batas o regulasyon ng OHS).

**Kakayahan:** Dapat tiyakin ng Supplier na may kakayahan ang lahat ng empleyado para sa itinalagang gawain sa kanila at mayroong naaangkop na edukasyon, pagsasanay at karanasan.

**Pag-uulat at Pag-iimbestiga:** Dapat mayroong naaangkop na hakbang ang Supplier para sa pag-uulat at pag-iimbestiga sa insidente, kasama na ang proseso para iwasto ang mga aksyon.

## 3 Mga Pamantayan sa Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson

Kung saan naaangkop, dapat nakatutupad o lampas sa mga pamantayan ng Ericsson Group OHS Operational Standards ang Sistema ng Pamamahala ng OHS ng Supplier tulad ng nakalista sa ibaba:

- Paghawak ng kemikal;
- Pag-akyat at pagtratrabaho sa matataas na bahagi;
- 
- Pamamahala sa trabaho sa konstruksyon at civil;
- Pangkaligtasan ng driver at sasakyan;
- Ingay na nauukol sa kapaligiran at trabaho;
- Pagkalantad sa mga Radio Frequency Electromagnetic Field;
- Pag-iwas sa sunog;
- Mag-isang pagtatrabaho;
- Mano-manong pangangasiwa;
- Personal na Pamprotektang Kagamitan; at
- Pagtatrabaho sa Elektrisidad.

Dapat tukuyin ng Supplier ang OHS Supplier Operational Standards ng Ericsson na paunang nalalapat ng pagsasagawa sa napagkasunduang saklaw ng trabaho.

Maaaring baguhin ng Ericsson anumang oras ang OHS Operational Standards ng Ericsson. Magkakaroon ng bisa ang mga rebisyon ng OHS Operational Standards ng Ericcson mula sa petsa ng paglabas nito maliban kung may ibang napagkasunduan nang nakasulat sa Ericsson. Sa pagkakataon na may natukoy na mga pagbabago ang Supplier sa OHS Operational Standards ng Ericsson na makakaapekto sa kakayahan nitong ihatid ang naaangkop na saklaw ng trabaho, dapat pag-usapan at pagkasunduan ng Ericsson at Supplier ang paraan, mga implikasyn at timeline para sa pagpapatupad sa gayong pagbabago.

## 4 Partikular na Mga Pamantang OHS ng Ericsson

Ang Mga Pamantayan na Partikular sa Occupational Health and Safety (OHS) ay mandatoryo sa lahat ng supplier ng Konstruksiyon, Field Maintenance at Network Roll-Out Services, at para sa lahat ng Supplier kung saan may bisa ang dokumentong ito. Inirerekomenda ang mga pamantayang ito sa lahat ng iba pang supplier.

# 5 Pagbabago sa impormasyon

Mga pagbabago simula ng rebisyon E:

- Pagbabago sa mga termino kaugnay sa batas (2)